THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 25 Apr. 29, 2024 - May 05, 2024

## WHAT'S INSIDE?

3 BEMONC: ABOT-KAYA AT DEKALIDAD NA SERBISYONG PANGKALUSUGAN PARA KAY BABY AT KAY MOMMY

# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY ILAYA AT LIBIS










MAS pinabilis, abot-kamay at direkta sa taumbayan na mga programa at serbisyo, sa inisyatiba ni City Mayor Malou Flores-Morillo kasama ang mga konsernadong departamento ng City Government of Calapan at iba pang ahensyang pangnasyunal.

Sa pagpapatuloy ng adbokasiyang ito ng kasalukuyang administrasyon ay naipadama sa mga residente ng Barangay Ilaya at Barangay Libis ang tunay na serbisyong tapat at may malasakit sa ilalim ng 'Serbisyong TAMA para sa Barangay' Program, Abril 29, 2024, Ilaya Covered Court. Daan-daang residente ang naging benipisyaryo ng mga pangunahing serbisyo na dapat sana ay sasadyain pa nila sa City Hall at maging sa iba't-ibang ahensya.

Kabilang na dito ang mga sumusunod: CITY HEALTH AND SANITATION DEPARTMENT: Dental, Blood Typing, Family Planning, at Medical Consultation. CITY SOCIALIZED MEDICAL HEALTH CARE OFFICE: Health Card Membership, at Guarantee letter for Senior Citizens & Neuro Patients, (maintenance medicine & eye glasses). CITY SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT DEPARTMENT: Interview of Senior Citizens for cash incentives, at counseling. OFFICE OF THE SENIOR CITIZENS AFFAIRS: Application for Senior Citizen's ID and PhilHealth, at distribution of purchase booklet. PERSONS WITH DISABILITY OFFICE: Issuance of PWD ID, Purchase Booklet and Certificate of Disability, at Renewal of PWD ID and Updating of records. CITY CIVIL REGISTRY DEPARTMENT: Delayed registration of birth, correction of gender and date of birth, at correction of clerical errors and change of first name. CITY VETERINARY DEPARTMENT: Vaccination of animals. CITY LEGAL DEPARTMENT: Affidavit of late registration and out of town registration, affidavit to use the surname of the father, affidavit of acknowledgement, legal advice and consultation, at public Notary. CITY ASSESSOR'S DEPARTMENT: Attending queries regarding taxation and declaration of properties, at scheduling of inspection of real properties for decoration of new properties, reclassification, reassessment due to renovation, cancellation or demolition. BUSINESS PERMIT LICENSING SECTION: Issuance of Business Permits, Tricycle Franchise, Butcher and Gaffer. CITY TREASURY DEPARTMENT: Verification of Real Property Tax, tax payment, at issuance of Community Tax Certificate. CITY AGRICULTURAL SERVICES DEPARTMENT: Kadiwa. CITY PUBLIC EMPLOYMENT SERVICES OFFICE: Special recruitment activity. CITY TRADE AND INDUSTRY DEPARTMENT: Business name registration and consultancy, product cliniquing, at photography scheduling (for promotion and marketing).

Samantala, kabilang sa mga ahensyang kaisa sa programa ay ang PSA-PhilSys, SSS, PagIBIG, Philhealth, BFP, at PNP.

Sa bawat pag-ikot ng Serbisyong TAMA para sa Barangay Program ay dumadalo rin dito ang Ina ng Lungsod upang samantalahin ang pagkakataon na makadaupang palad ang kanyang mga minamahal na kababayan upang dito ay personal niyang madinig ang kanilang saloobin at pangangailangan.

Laging binibigyang-diin ng Punonglungsod na ang ganitong uri ng programa na ipinatutupad ng kanyang administrasyon ay bahagi ng katuparan ng kanyang mga pangarap na paalwanin at paunlarin ang buhay at kabuhayan ng taumbayan (Junard Acapulco/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL
TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER
RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF
MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER
JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS
MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN
REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT
THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM








PRESS RELEASE: Tinanghal na kampeon ang grupong Tribu Rayaw mula sa Sacred Heart Academy ng bayan ng Gloria sa Pandang Gitab Oriental Mindoro Festival of Lights 2024 Street Dancing Competition noong Abril 30.

Pinangunahan ni Governor Bonz Dolor ang pagkakaloob ng tropeo at P350,000 cash prize sa nabanggit na grupo. Kasama ng Gobernador sa awarding ceremony sina Vice-Governor Ejay Falcon, mga myembro ng Sangguniang Panlalawigan, kanyang maybahay, Madam Hiyas Dolor at mga hurado ng naturang kumpetisyon.

Nakuha naman ng Passionate Dancerists mula sa Parang National High Shool ng Calapan City ang 2nd place na may tropeo at P230,000 cash prize samantalang 3rd place ang Buaywa Folkloric Dance Troupe ng OMNHS-Special Program for the Arts (SPA) ng Calapan City na may tropeo at P120,000 cash prize.

Tumanggap din ng tig-P30,000 consolation prize ang iba pang contingent na lumahok na kinabilangan ng EECP Tanglaw Bahagsubay EMA EMITS College Phils. mula sa bayan ng Pinamalayan, Managpi Alab Indayog Dancers ng Managpi National High School, Calapan City at Inadak LGCians from the Golden Fox Community ng Luna Goco Colleges, Inc., Calapan City.

Samantalang ang mga minor award na tumanggap ng tig-P40,000 cash prize ay nakuha ng mga sumusunod: OMNHS-SPA para sa Best in Choreography; Tribu Rayaw para sa Best in Costume and Props at Best in In-place Presentation at cash; Passionate Dancerist para sa Best in Street Dance Presentation. Tinanggap din ng OMNHS ang P50,000 cash prize para naman sa ORMECO's Dagitab Choice Award. Pinagkalooban din ng gift voucher ng Jolly Waves Waterpark and Resorts ang lahat ng contingent.

Mas malaki ang tinanggap na cash prizes ngayong taon dahil sa dinagdagan ni Gob. Bonz ang cash prizes ng lahat ng major at minor awards.

*"Ang buong Pamahalaang Panlalawigan at ang sambayanang Mindoreno ay muling malugod na tumatanggap sa bawat isang nandito sa pagdiriwang ng taunang Pandang-Gitab Festival. Sa kabila ng mga hamon sa buhay tulad ng ASF at El Nino, nananatiling matatag ang Oriental Mindoro"*, ang mensahe ni Gob. Bonz.

Idinagdag pa ng Gobernador na makatatanggap ng tig-P2,000 cash allowance ang lahat ng myembro ng bawat contingent mula sa mga nag-perform pati na ang kanilang mga kasamang propsmen. Aniya pa,para sa susunod na taon, gagawin nang P150,000 ang participation fee mula sa P95,000 ngayong taon samantalang magiging P500,000 na ang cash prize nang Champion sa Pandang-Gitab Festival 2025.

*"Ating angkinin ang sariling atin, iisa ang ating kulay, iisa tayong pamilya dahil Mindoreno tayo. Salamat sa lahat ng tumatangkilik sa mga programa ng Pamahalaang Panlalawigan"* ang pahayag naman ni Vice-Governor Falcon.

Magkatuwang din sina Gob. Bonz at Vice-Gov Ejay kasama sina Madam Hiyas at mga myembro ng SP sa paggawad ng sertipiko ng pasasalamat sa mga hurado at sa anim na contingent na lumahok sa Pandang-Gitab Festival.

Ang Pandang Gitab Festival na pinangasiwaan ng Provincial Tourism Office sa pamumuno ni Provincial Tourism Officer Don Stepherson Calda ay hindi lamang Pista ng Ilaw at Liwanag manapa'y isa itong Thanksgiving Festival, pasasalamat para sa ilaw at liwanag at sa pamamagitan ng ilaw at liwanag.

Ang bagong Pandag Gitab Festival ay naglalayong ipamalas ang tatlong mahahalagang tema ng pasasalamat gamit ang ilaw at liwanag sa buhay nating mga Mindoreno. Una, ang pasasalamat sa pananampalataya, ikalawa, pasasalamat sa ating mayamang kalikasan at ikatlo, ang pasasalamat sa mga magagandang katangian ng ating lahi.

Bukod dito, nagkaroon na rin ng bagong musika at bagong dance steps. Ang mga kasuotang ginamit ay mula sa mga tradisyunal na kasuotan ng mga Mindoreno tulad ng baro at saya sa mga babae at camiso de chino naman sa mga lalaki. Naging inspirasyon naman ng disenyo ng mga costume at props ang iba't ibang halaman at hayop na matatagpuan sa Mt. Halcon. (PIO Oriental Mindoro)





For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# BEMONC: ABOT-KAYA AT DEKALIDAD NA SERBISYONG PANGKALUSUGAN PARA KAY BABY AT KAY MOMMY

ANG karapatan sa maayos na kalusugan ay pundamental na karapatang-pantao. Kaya naman ang pagtugon sa pangangailangang pangkalusugan ng taumbayan ay prayoridad ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo.

Kaugnay nito, ika-23 ng Abril, isinagawa sa City College Kalap Hall, City Government Complex, Brgy. Guinobatan ang Grand Launching ng BEMONC (Basic Emergency Maternal Obstetric and Newborn Care) Center.

Pinangunahan ang nasabing aktibidad ni Mayor Malou katuwang sina City Health Officer, Dr. Basilisa M. Llanto, Dr. Maria Mencee Alferez – Rural Health Physician BEMONC Officer in Charge, Rural Health Physician Dr. Reo P. Cantos, Dr. Von Hidalgo – City Doctor, Dr. Cielo Angela A. Ante FPAFP, MHA, MPH (PHO), Dr. Dante A. Nuestro MHA – Chief of Hospital II OMPH, Dr. Ria Nerissa Navera FPOGS – Department of Obstetrics & Gynecology Head OMPH, at Dr. Arrene Mejia – Balmes – Obstetrics & Gynecology (OMPH).

Ang BEmONC ay pambansang programa ng Department of Health (DOH). Layunin nitong mabawasan ang panganib at mortalidad sa panganganak ng mga ina at kumplikasyon sa mga bagong silang na sangol.

Hindi maikakaila na pagdating sa pagbibigay at pagpapadama ng tunay na malasakit at kalinga, kay Mayor Malou, makaaasa ka!

Nakiisa rin sa naturang aktibidad ang ilan nating Midwives, BHWs, BNS, at ilan pang health care provider. Gayundin ang mga Punong Barangay at Barangay Kagawad ng kalungsuran (Kate Rondilla Redublo/CIO).







# TESDA MIMAROPA REGIONAL KICK-OFF ON SENIOR HIGH SCHOOL GRADUATES ASSESSMENT AND CERTIFICATION







*"Kaisa po ninyo ako sa inyong layunin na makapagbigay ng magandang kinabukasan para sa ating mga kabataan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng de-kalidad na edukasyon at mahusay na kasanayan na kanilang magagamit sa pagharap sa hamon ng kompetisyon sa trabaho at hanapbuhay".*

*"Aking ipinapaabot ang taus-pusong pasasalamat sa pamunuan ng TESDA MIMAROPA sa pamumuno ni Regional Director Angelina M. Carreon, gayundin naman sa DepEd sa pangunguna nina Ms. Maria Luisa D. Servando, Schools Division Superintendent, Oriental Mindoro at Ms. Susana A. Bautista, Schools Division Superintendent, Calapan City, maasahan po ninyo na ang City Government of Calapan sa ilalim ng aking panunungkulan ay palaging susuporta sa mga programang magpapalakas ng kakayahan ng ating mga mag-aaral".*

*"Para sa mga minamahal kong kabataan na benipisyaryo ng programang ito nawa'y gawin ninyong makabuluhan, laging pahalagahan at isabuhay ang karunungan at oportunidad na inyong nakukuha mula sa ating gobyerno upang kasabay ng pag-asenso ng buhay ng inyong mga pamilya ay ang pag-unlad din ng ating bayan" — City Mayor Malou Flores-Morillo* (Calapan City Information Office).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 25 Apr. 29, 2024 - May 05, 2024

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO

CONTACT: 09295453013

# CALAPAN CITY MAYOR'S 1ST MILITARY AND UNIFORMED PERSONNEL CUP 2024




SA presensya ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, mainit na binuksan at sinimulan ang *"Mayor Malou F. Morillo's 1st Military and Uniformed Personnel Cup 2024"* gayundin ang Miss MUP CUP Coronation na pinangunahan ng Bureau of Fire Protection (BFP) Calapan City Fire Station, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, ginanap sa Sentrong Pangkabataan, Barangay Sta. Isabel, Lungsod ng Calapan, noong ika-28 ng Abril.

Siyam na koponan ang maghaharap-harap sa nasabing kompetisyon, kabilang dito ang BFP Valiant Firefighters, Calapan CPS Hornets, BJMP Safekeepers, NBI MIMAROPA Tribe, PDEA MIMAROPA Drug Busters, PCG OrMin Dolphins, Port Police Waterfront's Enforcers, Forensic Elites, at PRO PNP Eco Warriors.

Samantala, kasama ni Mayor Morillo na dumalo sa nasabing gawain si CYSDD Officer, Mr. Marvin L. Panahon, kung saan layunin nito na maipakita ang kahusayan at angking talento ng bawat isa sa larangan ng isports, at mapaunlad ang kani-kanilang matibay na samahan, maging ang kanilang kalusugang pisikal at mental. (Calapan City Information Office).

